SA PALAGAY BA NINYO, ANG INYONG ANAK AY MAY

# TIGDAS?


## Ano ang dapat ninyong gawin kung sa palagay ninyo ay may tigdas ang inyong anak

**Karaniwang nagsisimula ang tigdas sa lagnat, ubo, tumutulong sipon, at namumulang mata na humahantong sa pamamantal. Kung may mga sintomas ng tigdas ang isang tao sa inyong pamilya:**

**Ilayo siya sa mga miyembro ng pamilya** na walang sakit.

**Ang lahat ng tao sa bahay ay dapat manatili sa tahanan** upang hindi mahawahan ng sakit ang inyong mga kapitbahay o tao sa labas ng inyong tahanan.


**Tumawag sa doktor o ospital agad-agad** upang ipaalam sa kanila na mayroong taong may tigdas sa inyong tahanan. Bibigyan nila kayo ng tagubilin.




## Kailan dapat pumunta sa emergency room

**Kung mabilis na lumala ang taong maysakit o mayroon siya ng alinman sa mga sintomas sa ibaba, dalhin siya kaagad sa kagawarang pang-emergency ng isang ospital.**

**HUWAG NANG MAGHINTAY PA.**



**Problema sa paghinga**
(o humihinga nang mas mabilis kaysa normal)



**May masakit kapag humihinga o umuubo**



**Nade-dehydrate**
(nanunuyo ang ilong at bibig, nabawasan ang pag-ihi, umiiyak nang walang luha)



**Ayaw huminto ng lagnat o sakit ng ulo**



**Nalilito, nabawasan ang pagkaalerto, o malubhang nanghihina**



**Nangangasul ang paligid ng bibig, mababa ang enerhiya, o nahihirapang kumain**
(para sa maliliit na bata)

**Patawagin ang isang tao bago kayo dumating. Ipaalam sa ospital na may darating na taong may tigdas.**

MAGHANDA PARA SA TIGDAS
cdc.gov/measles

CDC